Hindi kami lubusang nakatitiyak na ang pook na ito ang lugar kung saan si Hesus ay napako, nalibing at nabuhay na mag-uli. Subalit ang hardin na ito ay tumutugma sa mga detalye at pagkakalarawan ayon sa mga aklat ng Ebanghelyo at nakatutulong upang magunita ang kagilagilalas na mga pangyayari noong unang Araw ng Paskua.

"'*Huwag kayong mangatakot,' sinabi ng anghel sa mga babae, sapagkat nalalaman ko na inyong hinahanap si Hesus, na ipinako sa krus. Siya ay wala rito; sapagkat siya ay nagbangon.*'" (Mateo 28:5-6).


Samantalang maaari nga na pagtalunan ang lugar kung saan tumpak na nangyari ang bagay na ito, sa ganang amin walang pag-aalinlangan na *"Si Hesu-Kristo ay ipinahayag na may kapangyarihan bilang Anak ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli sa mga patay.*" (Roma 1:4).

Sinabi mismo ni Hesus, "*Ako ang pagkabuhay na mag-uli at ang kabuhayan ang sumasampalataya sa Akin, bagamat siya'y mamatay, gayon may mabubuhay siya; At sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay.* ***Sinasampalatayanan mo baga ito?***" (John 11:25-26)

**Walang bayad ang pagdako sa Hardin. Ito ay pinangangalagaan sa pamamagitan ng kusang pagkakaloob ng mga bumibisita.**


Ang Samahan ng Harding Libingan (Jerusalem) , sa England; ay natatag noong 1893 upang pangalagaan ang Libingan at ang Hardin sa labas ng mga moog sa siyudad ng Jerusalem, na siyang pinaniniwalaan ng marami na Puntod at Hardin ni Jose ng Arimatea.

PO Box 19462, Jerusalem, Israel 91193
www.gardentomb.com mail@gardentomb.com


*Malugod na Pagtanggap Sa*

# Harding Libingan
## (The Garden Tomb)



Ang hardin na ito ay iniingatan bilang sagradong pook ng mga Cristiano sa kadahilanang ang lugar na ito ay pinaniniwalaang hardin ni Jose ng Arimatea kung saan si Hesus ay nalibing matapos na maipako sa krus. Pinangangalagaan ito ng ng isang independienteng Samahan ng Harding Libingan na mapagkawanggawa mula sa Britanya. Kayo ay malugod na tinatanggap upang maglibot sa Hardin at bigyang pansin ang kahalagahang espiritual nito.

*Kung mayroong mga katanungan, ang mga kasapi na may suot na sagisag o tanda ng pagiging kawani ay handang tumulong sa inyo.*

**Maaaring simulan ang iyong paglilibot sa pagliko sa kanan na may pananda na nakasulat , "Patungong Burol ng Bungo o *Skull Hill*".**

Habang ikaw ay nakatayo sa mataas na dako sa bandang dulo ng Hardin ay mapapansin mo na ikaw ay nakatunghay sa isang istasyon ng bus. Sa iyong kaliwa ay makikita ang isang baku-bakong bangin at sa kanan ay ang mga moog sa hilagang bahagi ng Matandang Siyudad. Ang pook na ito ay bahagi ng sinaunang tibagan ng bato. Ayon sa mga sali't-saling sabi ng mga naninirahan ang tibagang-bato ay ginamit ng mga Hudio na lugar sa pagsasagawa ng parusang kamatayan sa pamamagitan ng pagbato. At kalaunan ay ginawa na rin ng mga Romano na pook para sa pagpapako.

Ang pagpapako sa krus ay hayag na isinasagawa sa lugar na daanan upang maging halimbawa at magbigay babala sa sinomang nais maghimagsik. Ito ay daan na katabi ng mga pangunahing daan patungong Damasco at Jerico. Ayon sa Biblia ay dinala nila si Hesus sa labas ng siyudad na dala ang kaniyang krus patungong "Dako ng Bungo" (Golgota sa Aramaic at Kalbaryo sa Latin) . Doon siya ipinako kasama ng dalawang magnanakaw, sa harap ng mga taong dumaraan at habang dumaraan ay pumupukol ng panunuya.

Hindi natin matiyak kung saang dako nga ba naganap ang pagpapako sa krus, datapuwa't ang tumpak na lugar ay hindi hihigit sa espiritual na kahalagahan ng pangyayaring naganap. Taos-pusong hinarap ni Hesus ang kaniyang kamatayan sa krus. Iyon ay bahagi ng layuning puno ng pag-ibig ng Diyos upang tayo ay mapatawad. Sinasabi ng Biblia "*Na Siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa krus*" at "*Sapagkat si Kristo ay nagbata rin minsan dahil sa mga kasalanan, ang matuwid dahil sa mga di matuwid, upang tayo'y madala niya sa Diyos.*" (1 Pedro 2:24 at 3:18).


Ang kinaugaliang dako sa di-pangkaraniwang pangyayaring ito ay ang Iglesia ng Banal na Puntod na natatag noong Ika-4 na siglo, sa panahon ni Emperor Constantino. Sa loob ng 200 taon ay may ilang nag-aalinlangan kung iyon nga ba ang tiyak na dako ng mga pangyayari ayon sa ebanghelyo. Si Heneral Charles Gordon ay isa sa mga tanyag na naniniwala ng ang tibagang-bato o ang kasalukuyang istasyon ng bus ang lugar kung saan napako si Hesus sa labas ng moog ng siyudad. Walang makatitiyak, ngunit nakahahalinang makita ang hugis na kahawig ng bungo ng tao sa ibabaw ng bato sa gawing kaliwa. Ipinapakita ng larawan na nakaangat sa *platform* ang anyo nito noong ika-19 na siglo.



*Ang Hugis Bungo na bangin*

Sinasabi ng Biblia na " *Sa dako nga na pinagpakuan ka y Hesus ay may isang halamanan; at sa halamana'y may isang bagong libingan na kailan ma'y hindi pa napaglalagyan ng sinoman.*" (Juan 19:41). Yaong libingan (na sapantaha'y siya ring hardin) ay kay Jose ng Arimatea, isang lihim na tagasunod ni Hesus, siya ay napagkalooban ng natatanging pagkakataon na ilibing ang katawan ni Hesus sa malapit na libingan bago magsimula ang Sabbath ng mga Judio.

Kung maaari bumalik patungo sa Hardin, lumiko sa kanan sa may tanda patungong libingan. Sa banda roon ay mapapansin sa iyong kanan, ang larawan. Ikaw ay nakatayo sa ibabaw ng isa sa mga malalaking balon ng tubig sa Jerusalem para sa tubig-ulan na nakapaglalalaman ng higit sa 900,000 litro. Sa maigsing liko, patungo sa pamilihan, makikita mo ang naiingatang pisaan ng ubas. Ito ay nahukay noong 1924.



*Ang Balon para sa Tubig Ulan*

Ang pagkatuklas sa pisaan ng ubas na ito ay nagmumungkahi na mayroong ubasan, maaaring ito ay hardin ng nakaririwasa sa buhay na si Jose ng Arimatea.



*Ang Lumang Pisaan ng Ubas*



*Ang Libingan sa Inukit na Bato*

**Habang tumatahak pababa sa sahig na bato sa harap ng puntod, masasaksihan mo ang pinakaaabangang bahagi ng iyong pagbisita sa hardin.**

Ang libingan ay nahukay noong 1867. Kahina-hinayang, ang pasukan ay nasira, marahil ay sa lindol subalit kalaunan ay isinaayos gamit ang mga tipak na bato.

**Ang tumpak na araw ng libingan ay pinagtatalunan, ngunit kapansin-pansin na ang mga katangian na nabanggit sa Biblia patungkol sa libingan ni Hesus ay matatagpuan dito:**

- Ito ay inukit sa matigas na bato at hindi likas na yungib (Mateo 27:60)
- Ito ay natakpan ng isang malaking gumugulong na bato, na natutukoy dahil sa kanal na padaanan sa labas ng moog sa harapan (Mateo 27:60)
- Sa loob ay may lugar na maaaring inilaan sa ilan sa mga nakatayong naghihinagpis sa loob ng itinuturing na dakong hinagpisan. (Lukas 24:1-3, 10)

Ang mga detalyeng ito, tulad ng pagkakatayo ng malaking balon at pisaan ng ubas, ay nagmumungkahi na si Jose ng Arimatea ay nakaririwasa sa buhay. Bilang karagdagan, ang libingan ay nasa kanang bahagi ng puntod (Markos 16:5) at maaaring natatanaw sa labas (Juan 20:5).

Pagkalipas ng taon ang libingan ay maaaring ginamit para sa pananambahan ng mga Kristiyano sa panahon nina *Byzantine* at ng mga *Crusader*. May mga palatandaan ng gusali ng iglesia at ng dalawang krus, na ang isa ay nasa loob ng libingan.